



PATNUBAY SA MISA



9 Disyembre 2018

Ikalawang Linggo ng Adbiyento

Taon K

LINGGO NG "ANTI-HUMAN TRAFFICKING"

Ang Tamang Paghahanda ng Daraanan ng Panginoon

Kahit na iisa lamang ang kulay ng Panahon ng Pagdating (Adbiyento) at ng Panahon ng Apatnapung Araw ng Paghahanda (Kuwaresma) ay magkaiba ang diwa ng dalawang ito. Ang Kuwaresma ay tigib ng lungkot subalit ang Adbiyento ay puno ng saya. Tumpak ito dahil ligaya ang dulot ng pagdating ng Panginoon. Magiging maligaya ang ating pagsalubong sa pagdating ng Panginoon kapag tayo ay handa. Si San Juan Bautista ang nagtuturo sa atin ng tamang paghahanda ng daraanan ng Panginoon sa kanyang pagdating sa ating buhay.

Ngunit may mga taong ang hangad ay magpasaya lamang sa kanilang mga sarili at kasangkapanin ang kanilang mga kapuwa. Ginagawa nilang kalakal ang tao. Dinudukot nila ang kanilang mga kapuwa at ipinagbibili upang maging mga alipin sa murang gawain o sa pagbibigay ng aliw. Maging paraan sana ang banal na panahong ito sa kanilang pagbabagong-buhay.



PASIMULA



Pambungad

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Sambayanan ng Maykapal, narito ang hinihintay: Poong sasagip sa tanan; tinig n'ya'y mapapakinggan ang hatid n'ya'y kagalakan.

Pagbati

P—Ang pagpapala ng ating Panginoon Hesukristo, na saya ang dala sa kanyang pagdating, ang pag-ibig ng Diyos Ama, at ang pakikipagkaisa ng Espiritu Santo ay sumainyong lahat.
B—At sumaiyo rin!

Pagsisipi

P—Paghandaan natin ang pagdiriwang na ito ng Banal na Eukaristiya at nang maging maayos ang daraanan ng Panginoon patungo sa ating mga puso.

(Manahimik saglit.)

P—Para sa aming kawalan ng pananampalataya sa iyong pagdating sa aming buhay, Panginoon, kaawaan mo kami.

B—Panginoon, kaawaan mo kami!

P—Para sa aming kakulangan ng pag-asa sa ligayang dulot ng iyong pagdating, Kristo, kaawaan mo kami.

B—Kristo, kaawaan mo kami!

P—Para sa aming kawalan ng sigasig sa paghahanda sa iyong pagdating, Panginoon, kaawaan mo kami.

B—Panginoon, kaawaan mo kami!

P—Kaawaan tayo ng makapang-yarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga sala, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

B—Amen!

Panalanging Pambungad

P—Ama naming makapangya-

rihan at maawain, sa aming pagsalubong sa iyong Anak, huwag mong ipahintulot na maging hadlang ang aming mga pinagkaka-abalahan. Turuan nawa kami ng kanyang karunungan upang kami ay kanyang makapiling kasama mo at ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B—Amen!

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS



Unang Pagbasa Bar 5:1-9

Si Propeta Baruc ay ang alalay ni Propeta Jeremias. Ang kanyang aklat ay patungkol kay Haring Jeconias at sa mga Israelitang ipinatapon sa Babilonia ni Haring Nabucodonosor. Hangad ng propetang palakasin ang loob ng mga Israelita. Sila ay aalagaan ng Diyos kahit sa Babilonia at pabalikin sa lupain ng Israel sa takdang panahon.

L—Pagpapahayag mula sa Aklat ni Propeta Baruc

Jerusalem, hubarin mo na ang lambong ng panluluksa at isuot mo ang walang hanggang kaningningan ng Diyos. Ibalabal mo ang kanyang katwiran at iputong mo sa iyong ulo ang korona ng kadakilaan ng Diyos na Walang Hanggan. Itatanyag ka niya sa lahat ng dako. Tatawagin kang “Kapayapaang bunga ng katwiran at karangalan ng pagiging maka-Diyos.” Jerusalem, tumindig ka at umakyat sa mataas na burol. Tingnan mo ang iyong mga anak na sa isang tawag lamang ng Diyos na Banal ay natitipon mula sa silangan hanggang sa kanluran. Nagagalak sila pagkat hindi sila kinalilimutan ng Diyos. Bihag silang inagaw sa iyo at kinaladkad na palayo, ngunit ngayo’y ibinabalik sa iyong sakay sa kaluwalhatian na wari’y nakaupo sa maharlikang trono.

Iniutos ng Diyos na patagin ang matataas na bundok at walang hanggang burol, at tambakan ang mga lambak upang panatag na makabalik ang bayang Israel na puspos ng kadakilaan ng Diyos. Sa utos niya’y lilitaw ang maraming mababangong punungkahoy upang liliman ang Israel. Aakayin sila ng Diyos, at babalik silang masaya sa pangangalaga ng kanyang habag at katwiran, at liligaya sa liwanag ng kanyang walang hanggang kaningningan.

Ang Salita ng Diyos!

B—Salamat sa Diyos!

Salmong Tugunan Awit 125

B—Gawa ng D’yos ay dakila, kaya tayo’y natutuwa!

R. M. Velez

The image shows two staves of musical notation. The first staff is in G major (one sharp) and 4/4 time. It starts with a treble clef and a key signature of one sharp (F#). The notes are G4, A4, B4, C5, D5, E5, F#5, G5. Above the staff are the chords D, Bm, and F#m. Below the staff is the lyrics: "Ga---wa ng D'yos ay da---ki--la,". The second staff continues the melody with notes G4, A4, B4, C5, D5, E5, F#5, G5. Above the staff are the chords G, D, A, and D. Below the staff is the lyrics: "kaya ta---yo'y na--tu--tu---wa!".

* Nang lingapin tayo ng Diyos at sa Sion ay ibalik, ang nangyaring kasaysaya’y parang isang panaginip. Lahat tayo ay natuwa, masasaya nagsiawit. B.

* Ang sabi ng mga bansang nagmamasid sa paligid, “Ang ginawa ng

Diyos nila ay dakila, anong rikit!” Dakila ngang masasabi, pambihira ang ginawa, kaya naman kami ngayon, kagalaka’y di kawasa! B.

* Kung paanong inuulan yaong mga tuyong batis, sa sariling bayan namin, kami, Poon, ay ibalik. Silang mga nagbubukid na nagtanim na may luha, bayaan mo na mag-aning masasaya’t natutuwa. B.

* Yaong mga nagsihayong dala’y binhi’t nananangis, ay aawit na may galak, dala’y ani pagbalik! B.

Ikalawang Pagbasa Fil 1:4-6. 8-11

Ang Sulat ni San Pablo sa mga taga-Filipos ay para sa isang pamayanang talagang napamahala sa Apostol. Hinihimok sila ni San Pablong laging piliin ang pinakamahalaga sa buhay at nang sila ay maging handa para sa pagbabalik ni Kristo. Tinitiyak ng Apostol na ang sinimulan sa kanila ng Diyos ay kanyang lulubusin hanggang sa araw ng pagbabalik ng Panginoon.

L—Pagpapahayag mula sa Sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Filipos

Ang aking mga panalangin para sa inyo ay laging puspos ng kagalakan dahil sa inyong tulong sa pagpapalaganap ng Mabuting Balita tungkol kay Kristo, mula nang ito’y inyong tanggapin hanggang sa kasalukuyan. Tinitiyak ko sa inyong ang mabuting gawa na pinasimulan sa inyo ng Diyos ay kanyang lulubusin hanggang sa Araw ng Pagbabalik ni Kristo Hesus. Nalalaman ng Diyos na ang pananabik ko sa inyo ay kasinlaki ng pagmamahal sa inyo ni Kristo Hesus.

Idinalangin ko sa Diyos na mag-ibayo ang inyong pag-ibig at masangkapan ng malinaw na pagkakilala at malawak na pagkaunawa upang mapili ninyo ang pinakamahalaga sa lahat ng bagay. Sa gayon, pagdating ng Araw ng Pagbalik ni Kristo, matagpuan kayong malinis, walang kapintasan, at puspos ng magagandang katangiang kaloob sa inyo ni Hesuskristo sa karangalan at kapurihan ng Diyos.

Ang Salita ng Diyos!

B—Salamat sa Diyos!

Alaluya Lu 3:4.6

B—Alaluya! Alaluya!

Daan ng Poong nar’yan na t’wiri’t ihanda sa kanya. Pagtubos n’ya’y makikita. Alaluya! Alaluya!

Mabuting Balita Lu 3:1-6

Ang daraanan ni Hesus ay ihinahanda ni San Juan Bautista, ang tinig na sumisigaw sa ilang. Nais niyang maging tuwid at patag ang daraanang ito. Sana ay maituwid natin ang ating mga kamalian, matambakan ang ating mga kahinaan, at tibagin ang ating kapalaluan.

P—Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Lucas

B—Papuri sa iyo, Panginoon!

Ikalabinlimang taon noon ng paghahari ni Emperador Tiberio. Si Poncio Pilato ang gobernador sa Judea, si Herodes ang tetrarka sa Galilea at ang kapatid naman niyang si Felipe, sa lupain ng Iturea at Traconite. Si Lisania ang tetrarka sa Abilinia. Sina Anas at Caifas naman ang mga pinakapunong saserdote noon. Nang panahong iyon, nasa ilang si Juan na anak ni Zacarias. Dumating sa kanya ang salita ng Diyos, kaya’t nilibot niya ang mga lupain sa magkabilang panig ng Jordan at nangaral. “Pagsisihan ninyo’t talikdan ang inyong mga kasalanan at pabinyag kayo upang kayo’y patawarin ng Diyos,” wika niya. Sa gayo’y natupad ang nasusulat sa aklat ni propeta Isaias:

“Ito ang sabi ng isang sumisigaw sa ilang: ‘Ihanda ninyo ang daraanan ng Panginoon, tuwirin ninyo ang kanyang mga landas!

Tatambakan ang bawat lambak, at titibagin ang bawat burol at bundok.

Tutuwirin ang daang liku-liko, at papatagin ang daang baku-bako.

At makikita ng lahat ng tao ang pagliligtas na gagawin ng Diyos!”

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

B—Pinupuri ka namin, Panginoong Hesuskristo!

Homiliya

Sumasampalataya

B—Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan

TALASALITAAN: • **Araw ng Pagbabalik ni Kristo Hesus:** Ang Araw ng Ikalawang Pagdating ni Kristo, kung kailan hahatulan niya ang lahat ng tao. • **Tiberio:** Ang Emperador na Romano na nagsimulang maghari noong si Hesus ay 8 taong gulang. Sa ilalim ng kanyang paghahari ipinako sa krus si Hesus. • **Poncio Pilato:** Ang Romanong gobernador noong panahon ng publikong paglilingkod ni Hesus, mula AD 25 hanggang AD 35. Hinatulan niyang mamatay si Hesus, sa pagbibigay sa hinihingi ng madla, sa kabila ng katotohanang wala siyang nakitang pagkakasala na maaaring parusahan ng kamatayan.

sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkawatang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

Panalangin ng Bayan

P—Hangad nating maging handa para sa pagdating ng Panginoon. Puno ng pananabik na maituwid natin ang ating mga kamalian, matambakan ang ating mga kahinaan, at tibagin ang ating kapalaluan, ating sambitin:

B—Diyos na darating, dinggin mo ang aming panalangin!

* Para sa mga namumuno sa Simbahan, ang Bayang naghahanda para sa pagdating ng Panginoon, upang maipamalas nila sa lahat ang tamang paraan ng paghahanda ng daraanan ni Kristo, manalangin tayo sa Panginoon. **B.**

* Para sa lahat ng mga kabataang namumuno sa ating mga parokya, upang sa taong ito ng mga kabataan ay maakit nila ang kanilang mga kasamahang masigasig na salubungin ang pagdating ni Hesus, manalangin tayo sa Panginoon. **B.**

* Para sa mga namumuno sa ating bansa, upang magsikap silang ituwid ang mga katiwalian at kamalian, ang mga kakulangan at kalabisan ng ating pamahalaan, manalangin tayo sa Panginoon. **B.**

* Para sa mga taong nangangalakal ng kanilang mga kapuwa at nagmamatigas sa tawag ng tinig na sumisigaw sa ilang, upang

mabuksan ang kanilang mga isip at puso sa kinakailangang pagbabago ng buhay, manalangin tayo sa Panginoon. **B.**

* Para sa ating lahat na nagkakatatipon sa pagdiriwang na ito, upang magtulungan tayong marating ang kabanalang siyang tunay na pag-aayos ng daraanan ni Hesus, manalangin tayo sa Panginoon. **B.**

* Tahimik nating ipanalangin ang ating mga pansariling kahalilingan. (*Tumigil saglit.*)

Manalangin tayo! **B.**

P—Ama naming puno ng tiyaga sa aming mga kamalian, isugo Mo sa amin ang Iyong Espiritung Banal at nang mapabanal ang aming mga buhay bilang pagsasaayos ng daraanan ng Iyong Anak na si Hesukristong aming Panginoon. **B—Amen!**



P—Manalangin kayo. . .

B—Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.

Panalangin ukol sa mga Alay

P—Ama naming Lumikha, kalgudan mo ang aming mga panalangin at alay. Sa anumang kakulangan ng aming abang nakayanan, nawa'y ang pag-ibig mo ang magbigay-kapupunan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B—Amen!

Prepasyo ng Adbiyento I

P—Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamat na pamamagitan ni Hesukristo na aming Panginoon.

Siya'y isinugo mo upang matupad ang iyong magandang balak para sa lahat. Hindi niya ikinahiyang mamuhay nang mahirap upang mapakisamahan niya kaming matapat. Siya'y naging hindi na iba sa amin upang maitampok niya kami sa iyong piling. Sa kanyang lantarang muling pagdating, ang pakikisama niya'y puspulang magniningning at ang

pangako niyang kapana-panabik ay inaasahan naming lubos na makakamit.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

B—Santo, santo, santo . . .

Pagbubunyi

B—Aming ipinahahayag na namatay ang 'yong Anak, nabuhay bilang Mesiyas at magbabalik sa wakas para mahayag sa lahat.



B—Ama namin . . .

P—Hinihiling namin . . .

B—Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!

Paanyaya sa Kapayapaan

Paghahati-hati sa Tinapay

B—Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. (2x)

Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, ipagkaloo mo sa amin ang kapayapaan.

Paanyaya sa Pakikinabang

P—Ito ang Kordero ng Diyos. Ito ang nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging. B—Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.

Antipona ng Pakikinabang

(*Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.*)

Lunsod ng kapayapaan, tumayo ka at magdiwang. Narito ang kagalakang lumalapit sa 'yong tunay nanggagaling sa Maykapal.

Panalangin Pagkapakinabang

P—Ama naming mapagmahal, kaming pinapakinabang mo sa iyong banal na salu-salo ay turuan mong kumilala sa layunin ng iyong mga nilikhang bagay na dapat naming gamitin upang kami ay sumapit sa iyong piling sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B—Amen!

PAGWAWAKAS



P – Sumainyo ang Panginoon.
B – At sumaiyo rin!

P – Magsiyuko kayo at ipanalangin ang pagpapala ng Diyos. (Manahimik saglit.)
Palakasin nawa kayo ng Diyos at dalisayin ng Kanyang

pagpapatawad habang naghahanda kayo sa pagsalubong sa Panginoong Hesus.

B – Amen!

P – Puspusin Niya nawa kayo ng Kanyang kaaliwan at pag-asa sa lahat ng inyong mga kahirapan.

B – Amen!

P – Mag-ibayo pa nawa ang inyong pag-ibig sa Diyos at nawa

kayo’y maging pagpapala sa lahat ng inyong makatagpo.

B – Amen!

P – Pagpalain nawa kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo.

B – Amen!

P – Humayo kayo sa kapayapaan upang ipaghanda ng matuwid na landas ang Panginoon.

B – Salamat sa Diyos!

Paghahanda ng Maayos na Daan para sa Panginoon

Si San Juan Bautista ang tinig na sumisigaw sa ilang upang maihanda ang daraanan ng Panginoon. Ang daang ito ay ang daan ng pagpapakabanal dahil “sa mga isinilang, wala pang lumilitaw na higit na dakila kay Juan Bautista” (Mateo 11:11), ani Hesus. Para kay Juan ang paghahanda ng daraanan ng Panginoon ay ganito: “Tutuwirin ang daang liko-liko, at papatagin ang daang bako-bako” (Lucas 3:5).

Ang daang liko-liko minsan ay kumakaliwa at minsan naman ay kumakanan. Sagisag ito ng buhay na minsan ay labis at minsan naman ay kulang. Ang anumang labis ay masama. Ang turo nga ng ilang manggagamot ay maaaring kumain ng kahit ano – basta hindi lumalabis. Ang labis ang tamis ay masama, ang labis ang alat ay masama, at ang labis ang taba ay masama rin. Ang labis na paggawa ay nakasasama. Ang labis na pamamahinga naman ay nakasasama. Ang labis na paggastos ay nakasasama rin.

Kung kulang naman ay masama rin. Ang magbasang kulang sa ilaw ay nakalalabo ng mata. Ang kulang sa sigasig sa buhay ay nakaiinis. Ang kulang sa tagumpay ay nakapanghihina ng loob. Ang kulang sa pagtingin ay inihiwanan. Ang kulang ng pagtulong sa kapuwa ay nakapagpapatigas ng puso. Ang kulang sa panalangin ay nakapanghihina at nagpapalabo sa buhay.


Ang sabi nga ng mga sinaunang pantas ay nasa katamtaman ang kaganapan. Sa wikang Latin ito ay “in medio virtus stat.” Ang pagkakaroon ng buhay na katamtaman ay hindi madali. Ito ay parang tumutulay ka sa alambre. Kaunti na lamang at mahuhulog ka na. Mahirap sa anak ang magkaroon ng magulang na ang pagtitipid ay wala na sa lugar. Kaawa-awa ang anak na labis ang higpit ng mga magulang. Mahirap din naman ang magkaroon ng magulang na bigay todo at labis ang luwag dahil ang anak ay lumalaking kulang sa mabuting asal. Sabi nga ni Balagtas: “Ang laki sa layaw karaniwa’y hubad / sa bait at muni’t sa hatol ay salat; / masaklap na bunga ng maling paglingap, / habag ng magulang sa irog na anak” (Florante at Laura 202). May mga taong may asawa’t anak na ay hindi pa rin makatayo sa sariling paa. Umaasa pa rin sila sa kanilang mga magulang dahil sa labis na pagbibigay ng kanilang ama’t ina.

Kailangan din namang patagin ang daraanan ng Panginoon. “Tatambakan ang bawat lambak” (Lucas 3:5a). Ang lambak ng takot at kahinaan ay kailangang ayusin. “At titibagin ang bawat burol at bundok” (Lucas 3:5b). Dapat ding tibagin ang mga burol at bundok ng kayabangan, pagmamalaki, at kapalaluan. Hinahamon ang sinumang naghahanda sa pagdating ng Panginoon na lakasan ang loob at magpakumbaba.

2019 Junior Desk

Calendar
Year of the Youth

with lives of
eight young saints



WORD & LIFE
PUBLICATIONS

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila

Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines

Tel. Nos. 894-5401; 894-5402; 892-2169 • Telefax: 894-5241 • Website: www.wordandlife.org

• E-mail: marketing@wordandlife.org; wordandlifepublications@gmail.com • FB: Word & Life Publications

• Editorial Team: Fr. S. Putzu, Fr. R. Lagaya, C. Valmonte, V. David, J. Domingo, A. Adsuara, D. Daguio

• Illustrations: A. Sarmiento, B. Cleofe • Marketing: Fr. B. Nolasco and T. Mojica • Circulation: R. Saldua